
## Anu-ano ang mga inaasahang maibahagi ng SFITAL?

Ilan sa mga output na inaasahang maibahagi ng Proyekto ay ang mga sumusunod:

- Mga pagkakataong pag-usapan at palawigin pa ang diskusyon tungkol sa sustainable farming sa iba't ibang organisasyon at institusyong may kinalaman sa industriya ng cacao



- Mga mungkahi ukol sa pagpapatibay ng mga pambansa at pandaigdigang batayang sinusunod sa produksyon ng cacao at sa paglikha ng mga produkto mula dito



- Mga *business plan*
- Panukala ng pagtatanim ng cacao na naaayon sa global standards
- Mas matatag na pakikipag-ugnayan sa iba't ibang grupo at institusyon
- Mga sistema upang mas masuri at patuloy na mapaunlad ang pagpapatupad ng mga standards
- Mga *green-growth roadmap* para sa cacao
- Mga *ecosystem service scheme* upang mas maayos pang mapangasiwaan ang kapaligiran

## May mga nais ka pa bang malaman?

Upang mas makilala pa ang SFITAL, pumunta lamang sa https://worldagroforestry.org/project/sfital o i-scan ang QR code.

Kung nais mo ding makibahagi, maaaring makipag-ugnyan kay:

Ma. Athea Menguito
Project Coordinator - SFITAL Philippines
Email address: M.Menguito@cgiar.org.

Gumawa din kami ng isang *online community* tungkol sa cacao para sa mga interesadong magsasaka at extension worker. Para sumali dito, pumunta lamang sa www.facebook.com/groups/cacaomustahanph o i-scan ang QR code!

World Agroforestry
MARS
RAINFOREST ALLIANCE
IFAD
Investing in rural people

KILALANIN ANG

# Sustainable Farming in Tropical Asian Landscapes (SFITAL)



# Ano ang SFITAL?

Ang Sustainable Farming in Tropical Asian Landscapes (SFITAL) ay isang proyektong pang-agrikultura na ipinapatupad sa Indonesia at sa Pilipinas. **Naglalayon itong tulungan ang mga magsasakang nagtatanim ng cacao upang makalikha ng kalidad na produktong cacao na maaaring dalhin sa pandaigdigang pamilihan habang ginagabayan sila upang maging responsableng mga magsasaka na may malasakit sa lupa at kalikasan.**






Naging posible ang Proyektong ito sa pamamagitan ng pondo mula sa International Fund for Agricultural Development. Kasama din ng ICRAF sa pagpapatupad nito ang Mars, Inc. at ang Rainforest Alliance.

Sa Pilipinas, isinasagawa ang SFITAL sa Probinsya ng Davao de Oro (dating Compostela Valley) sa pakikipag-ugnayan sa mga sumusunod na ahensya:

- Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (DTI), sa ilalim ng Rural Agro-Enterprise Partnership for Inclusive Development and Growth (RAPID) Project
- Kennemer Foods International
- Pamahalaang Panlalawigan ng Davao de Oro, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Panlalawigang Agrikulturista
- Kagawaran ng Agrikultura (DA)
- Kagawaran ng Kapaligiran at Likas Yaman (DENR), at ang
- National Cacao Industry Council.

# Saan isinasagawa ang SFITAL sa Pilipinas?

Ang SFITAL ay isinasagawa sa lalawigan ng **Davao de Oro sa Rehiyon 11**. Ito ay matatagpuan sa silangang bahagi ng Mindanao sa pinakatimog na bahagi ng Pilipinas. Ito ay binubuo ng 11 na bayan na sumasakop sa 237 na barangay. Ang kabuuang kalupaan nito ay umaabot sa 466,693 na hektarya.





Ang proyektong ito ay kasalukuyang ipinapatupad sa tatlong partikular na lugar: ang **New Bataan, Maco, at Nabunturan.** Ang mga pook na ito ay pinili kasama ang mga katuwang na ahensya.

# Anu-ano ang mga gawain sa ilalim ng SFITAL?

Upang matupad ang mga layunin ng Proyekto, hinati ito sa apat na magkakaiba ngunit magkaka-ugnay na bahagi:



**Unang bahagi: Pagpapalakas ng mga kondisyong kinakailangan upang mas mapalakas pa ang produksyon ng cacao** at mapalawak pa ang paglalago ng mga small-scale cacao value chain.



**Ikalawang bahagi: Pagpapatibay sa mga sistema ng pagmo-monitor, pagpapanatili at pagpapalago ng likas yaman** sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mga likas-kayang teknolohiya at mas pinatibay na mga pamantayan.



**Ikatlong bahagi: Paggawa ng mga *roadmap* na gagabay sa pagpapaunlad at pagpapalakas ng mga cacao value chain** upang mas marami pa ang mabigyan ng pagkakataong makibahagi sa lumalagong *value chain* ng cacao.



**Ikaapat at ikalimang bahagi: Pangangasiwa sa proyekto at sa lahat ng kaalamang nalilikha sa pamamagitan nito** upang mas mapatibay pa ang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang institusyon at siguraduhing maibabahagi ang mga kaalamang nalikha upang magamit at mapaunlad pa sa mga susunod na panahon.